Ano-anong kaso ng "tax" o "buwis" ang aming maaring hawakan?

Maari namin kayong tulungan sa ilang mga "Federal" na usapin, gaya ng:

- **Audits and Notices**. Kung kayo po ay nahaharap sa "audit" o masusing pagsusuri ng inyong "income tax" o taunang buwis, o nakatanggap ng liham mula sa tanggapan ng Internal Revenue Service (IRS), maari po kayong dumulog sa aming tanggapan.
- **Tax Debts**. Pagkakautang sa IRS o sa STATE, at kayo po ay walang kakayahang magbayad, o dumaranas ng krisis pinansiyal, maari po namin kayong tulungang makipag-ugnayan sa IRS upang maresolba ang inyong pagkakautang.
- **Non-filers**. Kung nakaligtaan ninyong isumite ang inyong taunang buwis o "income tax return" ay maari din kayong dumulog sa aming tanggapan.
- **Other tax issues**. Bukod sa nabanggit na mga sitwasyon o kaso, ang amin pong tanggapan ay bukas para sa iba pang usaping pederal (federal issues).

Makipag-ugnayan lang sa aming tanggapan para sa karagdagang impormasyon.

Layunin sa pagpapakalap ng brochure na ito ay upang magbigay impormasyon, hindi para ipamalit sa "legal counsel" o payo mula sa abugado.

Ang pagpapakalap ng brochure na ito ng Legal Aid Society of Hawai'i ay hindi nangangahulugan na mayroon ng nabuong "attorney-client relationship."

Hindi intensiyon ng brochure na ito na magbigay ng kumpletong detalye ng batas na uugma o tutugon sa inyong suliranin.

Legal Aid Society of Hawai'i
924 Bethel Street
Honolulu, Hawai'i 96813

Legal Aid Society of Hawai'i

Low-Income Taxpayer Clinic

PARA SA LIBRENG TULONG KAUGNAY SA PAGBUBUWIS O "TAX", MAAARI PO KAYONG TUMAWAG SA MGA NUMERONG ITO:

OAHU: 536-4302

MAUI: 242-0724

HILO: 934-0678

KONA: 329-8331

KAUAI: 245-7580

MOLOKAI: 553-3251

LANAI: 565-6089

http://www.legalaidhawaii.org/

Sino o Ano po ba ang Legal Aid Society of Hawai'i?

Ang Legal Aid Society of Hawaii (Legal Aid) ay ang pinakamalaking "non-profit law firm" sa State ng Hawaii. Ang amin pong organisasyon ay may siyam (9) na tanggapan sa buong state – Kauai, Oahu, Molokai, Lanai, Maui at Big Island,
Layunin po naming tulungan ang mga hindi nakakaangat o mga kapus-palad na indibidwal sa mga usaping hindi kriminal.

Ang Legal Aid po ay nagbibigay serbisyo publiko o tulong sa iba't ibang uri ng suliraning legal.

Ang brochure na ito ay nagbibigay impormasyon para sa Low Income Tax-Payer Clinic na may kaugnayan sa komunidad ng ESL.

Ano ang Low Income Taxpayer Clinic?

Ang Low-Income Taxpayer Clinic (LITC) ay isang serbisyo publiko na ibinibigay ng Legal Aid na may layuning magbigay ng libreng representasyon sa mga hindi nakakaangat o kapus-palad na mga indibidwal o pamilya. Ang LITC ay puspusan din ang pangangampanya upang imulat ang mga "ESL taxpayers" ng kanilang mga karapatan at responsibilidad.

Sino ang kwalipikadong dumulog sa LITC?

Kung ang kasalukuyan ninyong kita ay hindi hihigit sa $50,000 ay maari kayong dumulog sa aming tanggapan.
Ang mga miyembro ng komunidad ng ESL ay hinihikayat ding dumulog sa aming tanggapan kung nahaharap sa mga usapin at suliraning legal, partikular sa pagbubuwis o "tax".

Ano ang maaring itulong ng LITC sa kalipunan at lahat ng miyembro ng komunidad ng ESL?

- Ang LITC ay nabibigay ng libreng konsultasyon sa mga ESL Taxpayers upang malaman nila ang kanilang mga karapatan at responsibilidad sa pamahalaan o gobyerno ("State" man o "Federal") at sa lipunan. Gayundin, ang LITC ay nagbibigay serbisyo publiko o libreng konsultasyon sa anumang usapin ng pagbubuwis o "tax".
- Nagbibigay din po kami ng libreng "workshops" o pag-aaral para sa tamang pagbubuwis
- Namamahagi din kami ng libreng materyales at iba pang educational na babasahin na may kinalaman sa tamang pagbubuwis..
- Meron din po kaming libreng pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng Volunteer Interpreter Access Network.
-

Paano ka matutulungan ng LITC?

Maari po kayong tumawag o magsadya sa aming tanggapan. Kung kayo ay may partikular or primerong lengguahe na nais gamitin, maari pong ipaalam ito sa aming tanggapan upang higit namin kayong matulungan. Ang aming tanggapan ay bukas tuwing Miyerkules, mula alas-9:00 ng umaga hanggang alas-3:00 ng hapon (Wednesdays from 9:00 am to 3:00 pm).

Anu-anong serbisyo ang maaring ipagkaloob ng LITC sa iyo?

- ***Credits***: Kami po ay tumutulong sa mga usapin ng "credits" na makapagpapabawas sa halaga na dapat buwisan mula sa inyong mga kinita, gaya ng "child & dependent credit, elderly and disabled credit, education credit, retirement savings credits, child tax" at additional child tax credits para sa inyong mga anak, o apo at mga "dependents" na kaanak. Gayundin sa "earned income credit."
- ***Innocent Spouse Relief***: Ito po ay inaalok ng IRS sa mga dating may asawa na wala namang kinalaman sa naging pagkakautang sa buwis ng dating asawa.
- ***Injured Spouse Relief***: Maari namin kayong tulungang makuha ang refund na naantala bunga ng pagkakautang ng inyong asawa bago pa man kayo ikinakasal.
- ***Liens and Levies***: Kung kayo po ay nakatanggap ng liham o tawag na kayo ay kasalukuyang nahaharap sa liens at levies bunga ng inyong pagkakautang sa buwis ay maari po namin kayong tulungan o bigyang representasyon.
- ***Audits or Examinations***: Maari po namin kayong tulungang maihanda ang mga ebidensiya na maari ninyong isumite sa IRS kung kayo ay nahaharap sa masusing pagsusuri, o "audit or examinations" kaugnay ng inyong "tax returns."
- ***Non-filers***: Tutulungan din po namin kayong magawa ang inyong mga nakaligtaang tax returns at maisumite ito sa tanggapan ng IRS o State.
- ***Deficiency Notice***: Maari namin kayong tulungang idulog sa korte ang inyong problema sa pagbubuwis.
- ***Settlements of Tax Debt***: Maari din ninyo kaming maging katuwang sa paghanap ng solusyon sa anumang usaping kinakaharap sa IRS.
- ***State Tax Debts***: Maari din namin kayong tulungan sa anumang usaping kinakaharap kaugnay ng inyong Hawaii State tax sa IRS para sa kasalukuyang taon.